

## Ang Pagtatayo ng Templo

(1 Mga Hari 6-9:9)

Noong unang panahon, sa isang magandang kaharian na tinatawag na Israel, may isang matalino at mabuting hari na nagngangalang Solomon. Mahal na mahal ni Solomon ang Diyos at nais niyang magtayo ng isang espesyal na bahay kung saan ang mga tao ay maaaring sumamba at manalangin sa Kanya. Naalala ni Haring Solomon na ang kanyang ama, si Haring David, ay nangangarap na magtayo ng templo para sa Diyos. Ngunit sinabi ng Diyos kay David na hindi siya ang magtatayo ng templo kundi ang kanyang anak na si Solomon. Kaya't isinakatuparan si Solomon ang sinabi ng Diyos na siya ring pangarap ng kanyang ama. Alam niyang ito ay isang malaking gawain, kaya't gumawa siya ng plano at tinawag ang pinakamagagaling na tagapagtayo at mga bihasang manggagawa sa buong kaharian upang tumulong.



Sa ikaapat na taon ng paghahari ni Solomon, nagsimula ang pagtatayo. Gumamit ang mga tagapagtayo ng malalaki at matitibay na bato na hinubog mula sa bundok. Ang mga batong ito ay inihulma sa tibagan na akmang-akma ang sukat upang magkasya sa oras na ito'y buoin, sapagkat nais nila maiwasan ang ingay bunga ng pagpuputol sa lugar ng templo. Tahimik at payapa ang paligid, ayon sa kagustuhan ni Solomon. Ang templo ay magiging maganda at marangya! Mayroon itong malaking silid na tinatawag na Banal na Lugar at isang espesyal na silid na tinatawag na Kabanal-banalan. Sa Kabanal-banalan ilagay ang Kaban ng Tipan, isang gintong kahon na naglalaman ng tapyas ng bato kung saan nakasulat ang Sampung Utos.

Ang mga pader ng templo ay gawa sa sedar at pinalamutian ng magagandang ukit ng mga bulaklak, puno ng palma, at mga anghel na tinatawag na kerubin. Lahat ng bagay ay binalutan ng makintab na purong ginto, kaya't kumikislap ang templo sa araw. Sa labas ng templo, mayroong malaking patyo. Nagpagawa si Solomon ng malaking tansong altar kung saan maaaring magdala ng mga handog ang mga tao para sa Diyos. Mayroon ding higanteng tansong palanggana na tinatawag na Dagat, na puno ng tubig para sa mga pari na maghugas.

Pagkatapos ng pitong taon ng masigasig na trabaho, sa wakas ay natapos din ang templo. Labis na nagalak si Solomon at ang mga tao ng Israel. Binuhat ng mga pari ang Kaban ng Tipan mula sa lugar na pinaglagyan ni David patungo sa templo. Sila ay puno ng tuwa at

umaaawit. Nang ilagay ng mga pari ang Kaban sa Kabanal-banalan, napuno ng malaking ulap ang templo. Ito ay tanda na nalulugod ang Diyos at ang Kanyang presensya ay nasa templo.

Tumayo si Haring Solomon sa harap ng mga tao at nanalangin sa Diyos, nagpapasalamat sa Kanyang kabutihan at humihiling na palaging bantayan ang Israel. Lahat ay nagdiwang ng may pista at awitan sa loob ng maraming araw. Ang templo ay naging isang espesyal na lugar kung saan ang mga tao ay maaaring dumulog at maramdaman ang presensya ng Diyos.

Matapos maipagawa ni Haring Solomon ang templo at ang iba pang nais niyang ipatayo, muling nagpakita sa kanya ang Diyos. Sinabi ng Panginoon kay Solomon na narinig Niya ang kanyang panalangin at pakiusap. Ipinangako Niya kay Solomon na kung siya ay susunod sa Kanyang iniutos at iingatan ang mga kautusan gaya ng kanyang amang si David, itatatag Niya ang kanyang trono sa Israel magpakailanman, tulad ng ipinangako Niya kay David. Ngunit kung tatalikod siya sa Diyos, o ang kanyang mga anak, at hindi susundin ang Kanyang mga kautusan at mga batas, magsisilbi at sasamba sa ibang mga diyos, puputulin Niya ang Israel mula sa lupaing ibinigay Niya sa kanila at itatakwil ang templong pinabanal para sa Kanyang pangalan.

Ang templo ay hindi lamang isang gusali; ito ay simbolo ng presensya ng Diyos at pagmamahal at katapatan ng mga tao sa Diyos. At sa gayon, ang templo ni Solomon ay nakatayo nang mataas at marilag, kumikislap sa araw ay nagpapaalala sa lahat ng katapatan at kadakilaan ng Diyos at ang kagandahan ng pagsamba sa Kanya.

Ang Diyos ay tapat at tumutupad sa Kanyang pangako. Ipinangako ng Diyos kay David na ang kanyang anak na si Solomon ang magtatayo ng templo. Ipinaalala din ng Diyos na ang pagsunod ni Solomon sa Kanyang mga utos at tagubilin ay mahalaga upang patuloy na matupad ang Kanyang pangako. Makatitiyak tayo na tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako sa atin kung tayo ay patuloy na magtitiwala at susunod sa Kanyang salita.

